

# PROLOGUE

*Makati, 2006...*

“You may now kiss the bride,” anang judge na nagkasal kay Joanne at sa matandang si Don Enrique Montgomery sa private room ng isang pagamutan.

Pangkaraniwang nurse si Joanne doon, at suki na yata ng ospital ang don sa pagpapagamot dahil sa pagpapabalik-balik nito roon. Hanggang sa naging personal nurse siya ng matanda na malubha na ang karamdaman.

May kanser sa prostate si Don Enrique. Huli na nang matuklasan iyon. The old man owned numerous businesses, vast tracks of land around the country, and houses in several provinces. Although he was rich and powerful, hindi nito napigilan ang pagkalat ng sakit. And now the cancer had reached his lungs.

Ayaw na nitong dumaan pa sa masasakit na proseso kagaya ng Cobalt treatment, chemo therapy, at radiation. Hindi na rin umano ito gagaling. He would just be prolonging the agony should he undergo treatment.

Don Enrique’s sole worry was his wicked adopted

sister. Suki ng casino ang babae at halos limang milyong piso na ang naipatatulo nito sa sugal. Nahihirapan ang loob ng matanda na iwan sa kapatid ang lahat ng pinaghirapan nito. Sigurado kasi ito na sa wala lang mauuwi lahat ng mga ari-arian na naipundar nito.

She was reluctant to marry the don at first. Alam niya kasing natuwa lang ito sa nadamang pagmamalasakit niya sa pag-aalalaga niya rito. Subalit, inisip na lang niya na pareho nilang matutulungan ang isa't isa sa pamamagitan ng pagpirma niya sa marriage contract na nakabalandra sa kanyang harapan.

Hindi siya mukhang pera subalit hindi rin niya maitatatwa ang magandang buhay na maaari niyang maibigay sa kanyang pamilya sa pagpayag niyang magpakasal sa don. Siya ang nagtataguyod sa ina at sa kambal na kapatid na sina Sharon at Lenny. Hindi na niya poproblemahin ang pantustos sa edukasyon ng dalawa. Higit sa lahat ay matutupad na niya ang pangarap sa kanila ng kanyang namayapang ama, ang makaahon sa kahirapan.

“Never mind,” sabi ni Don Enrique.

Naputol ang kanyang pag-iisip. Ang halik ang tinutukoy nito. Napatingin siya sa matanda. Halos

matunaw ang puso niya sa kahabag-habag na kalagayan nito. Para na itong nauupos na kandila. Hinahabol ang hininga sa bawat salitang binibigkas at namumutla ang mukha sa bawat araw na nagdaraan.

“Let... us just... sign the con...tract,” hiras nitong saad.

Pagkatapos niyang pumirma ay magbabago na ang kanyang buhay. Tinipon niya ang lahat ng kanyang lakas upang malagdaan nang maayos ang mga papeles.

“Kaya mo ’yan, Bes,” pagpapalakas ng loob na sabi ni Ronelee. Nurse din ang babae at isa ito sa kinuha nilang witness.

“Salamat, Ron,” aniya at lumagda na. Pakiramdam niya ay may general assembly ng mga daga sa kanyang dibdib.

Pagkatapos magpaliwanag ng ilang detalye ay umalis na ang huwes na nagkasal sa kanila.

“So, everything has been signed, Compadre,” ani Atty. Arnel Barbacena, ang abogado ng mga Montgomery na matagal na umanong naglilingkod sa mga ito. “Majority of your wealth will be transferred to your wife. Naihandang natin ang mga papeles noon pa.” Nagkatinginan sila ni Ronelee. Nanlaki

ang mga mata ng kaibigan sa narinig. “Alam mo na siguro na maghahabol ang kapatid mong si Vertilla?”

Hindi kumibo ang don. Siya ay hindi alam kung ano ang dapat maramdaman. Bumangon ang kanyang pag-aalala nang magsimulang umubo ang matanda. Ubong nasundan nang nasundan. Sumasal pa itong lalo hanggang sa halos hindi na ito makahinga.

She had pressed the button above the bed para ialerto ang mga nasa nurse’s station. Si Ronelee ay humangos palabas ng silid para tawagin si Dr. Lopez. Para siyang binuhusan ng malamig na tubig sa kinatatayuan. Hindi siya makakilos.

“Compadre! Enrique!” sigaw ni Atty. Barbacena.

Saka niya narinig ang flatline sound ng cardiac monitor.

Napatakbo siya palabas ng pribadong silid, paalis sa ospital—hindi niya alam. Magulo ang kanyang isip. Malakas ang tibok ng kanyang puso. Nakaramdam siya ng pagkahilo. Nagdilim ang kanyang paningin hanggang sa tila bumaligtad ang mundo. Tumigil lamang iyon sa mabilis na pagbulusok nang may pumangko sa kanya. Papunta kung saan ay hindi niya alam.

# 1

*San Bartolome, November 2011...*

“Hello, Vanilla Fudge! Nasaan ka na ba? Sabi dito sa opisina naka-leave ka raw for two weeks. Bakit hindi ka nagpaalam? Alam mo namang kulang ako pag wala ka,” litanya ni Gudofredo Sabaybay. Tumatawag ito mula sa Manila.

“Vanilla Fudge!” inis na ulit ni Joanne habang nakakunot ang noo sa mga pinagsasabi ng HR Manager ng isa sa mga kompanya ng namayapa niyang asawa. Asiwa siya sa mga diga ng huklubang manager. “Mang Gudo, puwede ho ba, tigilan n’yo na ang pagtawag sa akin ng ganyan?”

“Ano na lang? Mamili ka, Buko Pandan o Peanut Butter?”

“Kung wala na kayong sasabihin, eh, papatayin ko na ho ang tawag.” Naka-speaker ang cell phone niya.

Nakita niyang pinigil ng kaibigang si Ronelee ang mapahagikgik. Whereas she chose the corporate world, hindi nito iniwan ang ospital. Chief nurse na ito sa dati nilang pinapasukang pagamutan. Ito ang

nag-aya na magbakasyon sila.

Tinatawid nila ang banayad na dagat sakay ng bangkang de motor. Nasa kalagitnaan sila ng pag-a-island hopping nang gambalain ni Mang Gudo ang pamamasyal nila.

“I-cancel mo na ’yan,” anas ni Ronel.

“Saan ka ba kasi pupunta? Bakasyon?” anang kausap niya.

“Opo,” magalang niyang sagot. “Kayo na po ang bahala diyan sa opisina.” At tinapos na niya ang tawag. Kahit medyo makulit ang matanda ay maayos itong magtrabaho. Naaawa rin siyang sisantehin ito. Sabagay, malapit na itong magretiro. Itutuon muna siguro niya ang pansin sa ibang negosyo habang nasa serbisyo pa ang nasabing manager.

Her husband used to own a yacht—nasa pangalan na niya ngayon—pero alam niyang mas magiging komportable sila ni Ronel kung magta-travel sila by air, land, and sea kapag kinakailangan.

Ang malinis at mala-kristal na tubig, ang asul na langit, pati na ang luntiang kabundukan sa gawing silangan ay sapat na upang pawiin ang kanyang pagod sa nakalipas na mga buwan. Sapat na rin ito upang bahagyang kalimutan ang nakababagot na mundo ng

mga negosyante at mayayaman. Mundong hindi niya kinalakhan subalit pinilit niyang kasanayan alang-alang sa asawa. Kinalimutan niya ang nursing. Isa pa, parang hindi pa siya nakakabawi sa pagkamatay nito sa ospital.

Ibinalik niya ang paningin sa magagandang tanawin. Nasa gawing kanluran ang Mayon Volcano. Last Valentine's Day ay namasyal sila ng isang kaibigang pediatrician sa Isla Cassandra. Doon sila pupunta ni Ronel ngayon. Ipapakita niya rito ang isla.

Bigla niyang naalala si Don Enrique. Simula nang maging Mrs. Montgomery siya ay nabago na ang kanyang mundo. All of a sudden, she was an heiress, tagapagmana ng halos lahat ng ari-arian ng matanda.

Hindi naman nasayang ang kurso niya. Lahat ng gamit niya sa nursing ay napunta kina Lenny at Sharon. Nasa Canada na ang dalawa ngayon kasama ang kanilang ina. Kapwa nurse na rin ang kambal.

Naiwan siya rito sa Pilipinas upang tuparin ang pangako na binitawan niya kay Don Enrique. Kinailangan niyang pag-aralan ang pasikut-sikot sa mga negosyo nito. She took up degrees in Business Management. At sa tulong ni Atty. Barbacena, napapatakbo niya nang maayos ang mga kompanyang iniwan ng namayapang asawa.

The only fly in the ointment was Vertilla. Hindi tumitigil ang babae na maghanap ng ipipintas sa kanya. Sa huli, lagi itong napapahiya dahil walang basehan ang lahat ng bintang nito.

Hindi siya makapaniwalang nalampasan niya ang lahat ng naging problema. Limang taon na ang nakakaraan. Kung nabubuhay lang ang don, alam niyang hindi ito magsisisi na pinakasalan siya nito dahil natupad niya ang mga kahilingan nito.

“Friend, mukhang nawiwili ka yata sa pagpapaligaw sa gurang na ’yon?” Umasim ang mukh ni Ronelee. “Alam kong maawain ka. Sinuportahan kita n’ung pakasalan mo si Don Enrique. Pero tama na. Sayad na ang tawag kapag sinagot mo pa ang isang ’yan.”

“Wag nga ako ang pagdiskitahan mo. Bakit ba hanggang ngayon single ka pa rin?”

“Choosy lang ako. Ikaw, kailan mo ba balak hanapin ang man of your dreams?”

Napabuntong-hininga siya. “At ako talaga ang maghahanap?”

“Natural! Treinta ka na sa January. Sige ka, baka tuluyan nang malanta ang obaryo mo pag naghintay ka lang. Ikaw na ang maghanap. Gamitan mo na ng

dahas!”

“Loka ka talaga. Eh, kung multuhin ako ni Don Enrique sa mga suggestions mo?”

Nagtaas ito ng kilay. “Rest in peace na ’yun. Nagawa mo na ang gusto niya, eh.” Sumeryoso ito. “Gusto mo hanapin natin ’yung tumulong sa ’yo sa hospital n’ung mawalan ka ng malay?”

“Ronel, five years ago pa iyon...” tanggi niya. “At ni hindi ko nalaman kahit pangalan niya.”

Ang tanging naaalala lamang niya ay ang matipuno nitong mga bisig at baritonong boses. Nang matauhan siya ay nasa hospital bed na siya.

“Basta maghanap ka na. Tandaan mo, tayong mga babae, parang chicharon at kropek, habang tumatagal kumukunat. Pero ang mga lalaki, kapatid, parang alak. Habang tumatagal sa pagkakaimbak, lalong sumasarap!”

“Ganoon? Sige, sa ’yo na si Mang Gudo,” aniya.

“Ang sabi ko, masarap na alak. Hindi ko sinabing panis na sabaw.”

Natawa pati ang may cuarenta años na bangkero na nakikinig pala sa litanya ng prangka niyang kaibigan. Napailing na lang si Joanne.

Biglang tumayo si Ronel sa gitna ng bangka, paharap sa dagat at dumipa.

“Ronelee, ano bang kalokohan ’yan?”

“Hindi kalokohan ito. Dahil dito, nagkatuluyan ang lolo at lola ko sa tuhod ’tapos ipinamana nila ang paniniwala sa lolo ko. Ito rin ang dahilan kung bakit napaibig ni Nanay si Tatay! Halika, gayahin mo ’ko.”

“Didipa rin ako?”

“Oo, ’tapos pikit!”

Sumunod uli siya. Alam niyang pinagtatawanan na sila ng bangkerong si Mang Efren. Nakita niya dahil saglit lang siyang pumikit.

Lumakas ang hangin. Ganoon na lamang ang kanyang gulat nang liparin ang suot niyang apple green na scarf. Mabilis iyong tinangay patungo sa malayo at lumutang sa tubig. Napatili siya kaya napadilat si Ronel.

“Teka, sandali, saan ka pupunta? Hindi pa tayo tapos!” giit nito nang makitang di siya matali.

“Nilipad ang scarf ko. Paborito ko ’yon,” aniya, nakabantay pa rin sa piraso ng tela na lalong tinangay ng alon papalayo.

Itinigil ni Mang Efren ang bangka.

“It’s just a scarf, friend. Makakabili ka niyan kahit ilang kahon pa.”

“Hindi ko binili ’yan,” she lied. “Iniwan ’yan n’ung tumulong sa ’kin sa hospital. Itinali niya ’yan sa paa ko kasi natapilok ako kaya nagdilim ang paningin ko. Iyon lang ang souvenir ko sa kanya.”

Ang totoo, binili niya ang scarf sa Italy nang magtungo siya roon two years ago. Napakamahal niyon kaya hindi niya maatim na dagat lang ang makinabang. Nahihiya siyang sabihin kay Ronel na nagtapon siya ng ganoon kalaking pera dahil lang sa isang pirasong tela.

Hindi pa rin siya sanay sa buhay niya. Nagi-guilty siya kapag gumagastos siya nang malaki sa bag, sa damit, sa ilang personal na gamit. Pero hindi niya napigilan ang sarili nang makita ang scarf na iyon.

“Ay, ganoon? Di mo naikuwento sa akin ang detalyeng ’yan.”

Bago pa siya napigilan nito ay nakatalon na siya sa tubig, patungo sa kinaroroonan ng scarf. Kaya lang, lalo iyong tinangay papunta kung saan. She was a strong swimmer. It took her five minutes to reach her precious scarf. She was about to grab it when the

water and the wind pushed it again away from her.

Sa wakas ay nagtagumpay siyang abutan iyon. Pabalik na siya sa bangka nang bumuhos ang malakas na ulan. Dumilim ang mga ulap sa itaas niya at gumuhit ang kidlat sa langit. Sa gulat niya nang kumulog, muli niyang nabitawan ang scarf.

Susundan pa sana niya uli iyon nang marinig ang tili ni Ronel. Tinatawag nito ang kanyang pangalan. Gustuhin man niyang lumangoy pabalik sa bangka, tila nauubusan na siya ng lakas. At pinupulikat pa ang kanyang binti.

She tried to reach her leg to massage it when she felt her cell phone inside her pocket. Malas talaga! She tried to shout pero walang lumabas sa kanyang lalamunan. Nilamon na ng takot ang kanyang buong sistema. Malapit na yata siyang makipag-dinner date kay San Pedro.

Lumulubog na siya... nakainom na siya ng tubig nang biglang may kumabig sa kanya pataas. Sinubukan niyang idilat ang mga mata, pero wala siyang gaanong maaninag. Napahawak na lamang siya sa balikat ng taong sumasagip sa kanya.

The shoulder was hard... so lean. Pakiramdam niya ay inililigtas siya ni *Wolverine* laban sa mga

mapang-aping mutants.

“Hindi ka naman pala magaling lumangoy, tatalon-talon ka sa dagat!” asik ng lalaki.

Napasinghap siya nang madama ang paglalapat ng katawan nila. The man was half naked.

*Suplado si Mr. Lifeguard*, naisip niya.

Pamilyar ang boses nito. Hindi lang niya matandaan kung saan niya narinig iyon.

“Iyong scarf ko kasi—” Natagpuan niya ang tinig nang maalala ang scarf.

Itinaas nito ang kaliwang kamay, naroon ang scarf niya. “Dahil lang dito, magpapakamatay ka?”

Hindi na siya nagpaliwanag pa. Tama kasi ito. “Sentimental value,” anas niya.

“At ang buhay mo, walang sentimental value?” sita nito.

Wala na siyang ibang nagawa kundi tahimik na sumang-ayon. At least, buhay pa siya, salamat dito. Pakiramdam niya ay protektadong-protektado siya habang pasan sa likod nito kahit parang karayom na bumabagsak sa kanyang likuran ang ulan. Lumalamig na rin ang tubig-dagat.

## 2

“Yan na nga ba ang sinasabi ko, eh,” sermon ni Ronel habang bahing siya nang bahing sa kuwarto niya sa villa. Nasa Isla Cassandra na sila. “Mabuti na lang at may dumaan na Greek god with his sasakyang pandagat.”

Nakilala niya ang lalaki bilang si Lorenz Arguelles. His eyes were dark as midnight, his nose aristocratic. Bagay na bagay sa mapupulang labi nito. Kapansin-pansin ang pantay nitong mga ngipin. Clean cut din ang lalaki kaya lalong nagmukhang respetado.

Napuna rin niyang kusang lumalabas ang dimple nito kapag nagsasalita. Tama si Ronelee, Lorenz was as handsome as a Greek deity. Totoo palang may ganoon ka-perfect na species sa animal kingdom?

Kinilig siya sa kabila ng masamang pakiramdam.

“Ano, giniginaw ka ngayon diyan?” sita ni Ronel.

Napatingin siya rito, ipinilig ang ulo—bilang sagot sa tanong nito at para mawala na rin ang isip sa lalaki.

“Sige na, Ron, magpahinga ka na din. Baka

mahawa ka pa sa 'kin. Itutulog ko lang ito,” taboy niya, at nahiga na sa kama.

---

“Dinagdagan ko na ang dosage ng antibiotic mo, Joanne,” ani Louella dela Merced, ang kaibigang pediatrician at asawa ng may-ari ng isla. “Bakit kasi nagpaka-*Jezebel* ka?”

Napangiti na lang siya, bumangon at ininom ang gamot na dala nito. “Mahabang kuwento, Louie.”

Kung may maganda mang naidulot ang kamalasan niya kahapon, iyon ay ang makilala at makasakay sa likod ng pinakamatipuno at pinakaguwapong lalaki sa balat ng lupa.

Napansin yata nito ang pamumula niya. “Crush mo si Lorenz, 'no?”

“Hindi, ah,” kaila niya. “Matanda na ako para magka-crush.”

Sa totoo lang, hindi pa talaga siya nagka-crush nang matindi, gaya ng nararanasan niya ngayon, kung iyon nga ang maitatawag doon. Ni hindi nga niya naranasang maging teenager. Bukod kasi sa abala sa pag-aaral, kinailangan pa niyang mag-part time job.

“Wala namang masama. Lorenz is available,” ani Louie, halatang hinuhuli siya. “Nga lang, parang walang balak makipagrelasyon ang isang iyon. ‘Yung architecture firm niya sa Mandaluyong ang baby.”

“Ah, workaholic pala. Parang ako,” safe niyang komento.

“Best friend siya ng asawa ko. Pero bihira na silang magkita because Lorenz has always been busy. Now, they’re planning to put up a new building sa bakanteng lote ng isla. Kulang na kasi ang kuwarto ng hometel na ito. Malapit na ang Pasko. Gusto ni Christian, by next year, open na sa public ang building na itatayo nila ni Lorenz. Nandyan sila sa labas... gusto mong puntahan?”

Nagkibit-balikat siya. “Baka mahawahan ko lang sila ng virus ko.”

Natawa ito. “I doubt if they’ll mind! Isa pa, kailangan mo din lumabas. Para makalanghap ka ng mas sariwang hangin. Ipapalini ko sa staff itong room mo habang nasa labas ka. Sige na. Hihintayin kita d’un, ha?”

Nagbihis siya at ipinatong ang makapal na roba sa suot niya pagkalabas nito. Nagdala rin siya ng panyo sakaling mabahing siya. Isiniksik niya iyon sa

kanyang bulsa. Tinungo niya ang veranda. Malayo pa siya ay naririnig na niya ang usapan at tawanan ng grupo. Nakadama siya ng inggit. Pumuwesto siya sa hamba ng pintuan, tanaw niya ang mesa na kinaroroonan ng apat. Magkahawak-kamay ang mag-asawang Louie at Christian, si Ronel ay nakapangalumbaba at nakamasid sa nagbibidang si Lorenz. Nagkakape ang mga ito.

“Ano ang tingin mo sa kaibigan ko, Lorenz?” ani Louie.

“Ano’ng klaseng tanong ’yan? Babae siyempre,” sagot ng binata.

Nagtawanan ang mga ito.

Babae? Iyon lang ang tingin nito sa kanya? Hindi isang diyosa o diwata. Na-disappoint siyang bigla.

“Ang tipid naman ng sagot mo, Pare. Huwag mong sabihing hindi ka nagagandahan kay Joanne?” Si Christian.

She held her breath, awaiting his reply. “Tol, granted, she’s very beautiful...” Nagtatalon sa tuwa ang kanyang puso. “...pero tatanga-tanga! Sinong matinong tao ang magbubuwis ng buhay niya para sa isang piraso ng tela?”

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig.

“Kasi nga, bigay daw iyon ng dream boy niya,” paliwanag ni Ronel.

“Ah, ’yon pala ang dahilan.” Napatango-tango si Louie.

“O, di katangahan nga,” dugtong ni Lorenz.

Natagpuan na lang niya ang sarili na nasa tabi ng lalaki at sinisigawan ito. “That scarf is expensive and sentimental. Bakit hindi ko itataya ang buhay ko dahil doon? Hindi dahil iniligtas mo ako, eh, may karapatan ka nang lait-laitin ako!”

“Joanne...” simula ni Ronel.

Tumayo si Lorenz, itinabi ang upuan nito at hinarap siya. Lihim siyang napaatras dahil sa kakaibang pakiramdam na gumapang sa kanyang katawan dahil sa lapit nito. Gusto niyang magalit sa sarili dahil tila cheetah sa bilis na nawala ang inis niya sa lalaki. All she wanted was to be carried in his arms again.

Itinaas niya ang kaliwang kilay upang itago ang reaksiyon.

“I am entitled to my opinion, Mrs. Montgomery,” anito, nakatingin nang derecho sa kanyang mga mata.

“Guys, please...” Si Louie, pero nakita niyang ginagap ni Christian ang braso ng asawa nang akmang tatayo ang babae.

“Salamat nga pala sa pagliligtas mo sa akin kanina,” mahinang sabi niya, alang-alang sa kaibigan.

“You’re welcome, Mrs. Montgomery,” anito, itinuro ang isang bakanteng upuan. “Won’t you join us for coffee?”

Pinagbigyan niya ito, naupo siya. Mukhang hindi siya makakatanggap ng sorry galing dito.

“Ah, may gagawin pa pala ako sa kuwarto,” ani Ronel. At tumayo na ito.

“Kami rin,” pilyong sabi ni Christian, at makahulugang tumingin sa asawa nito.

“I’ll tell the waiter to serve you hot tea, Joanne,” ani Louie. “Maganda iyon sa sipon mo.” At nagpahila na ito sa asawa papasok sa hotel.

Mayamaya lang ay dumating na ang waiter na nag-serve ng tea niya. Umalis ito agad pagkatapos. Tahimik lang ang lalaking umiinom ng kape sa tapat niya.

“How dare you humiliate me in front of my friends,” she hissed. “Sa loob ng dalawampu’t siyam

na taon ko sa mundo, ngayon lang ako nasabihan ng tanga.”

“Life is fragile. We need to take good care of it. Dahil masyadong mapanganib ang mundong ito, Jo,” anito.

Jo. He was the only person to call her that. Akala niya ay puro Mrs. Montgomery ang makukuha niya rito. Binigyan na naman niya iyon ng kakaibang kahulugan.

“At katangahan na sayangin ang buhay?”

“Hindi natin nare-realize na paminsan-minsan ay nakakagawa tayo ng mga mumunting katangahan. Kaya huwag kang magagalit kung may nagki-critize sa 'yo. Ibig lang sabihin n'un, pinahahalagahan ka nila dahil ayaw nilang makita kang napapahamak. Kung lagi kasing maganda ang naririnig natin, baka lumaki ang ulo natin at mapasama tayo.”

Ibig bang sabihin ay pinahahalagahan siya nito? Na ayaw siya nitong mapahamak? Impossible. Kahapon lang sila nagkakilala.

“So, hindi mo na 'ko ulit ililigtas sakaling malunod ulit ako sa paghabol sa scarf ko?” She took a sip of her tea while waiting for his answer.

“Hmm, pag-iisipan ko.”

“Ganoon?” Ibinaba niya ang tasa, nakalabi rito.

Ngumiti ito at naiiwas na lang niya ang tingin. Para kasing nag-init ang mga pisngi niya. Alam niyang namumula siya.

“Sino ba kasi ’yung napakaimportanteng lalaki na nagbigay sa ’yo ng scarf na iyon?” tila iritadong tanong nito.

Napilitan siyang tingnan ito nang derecho. “Actually... bigay ko ’yun sa sarili ko.”

Napahalakhak ito. “Women.”

Tumayo na siya. “Papasok na ako sa loob.”

---

Ginising si Joanne ng masasayang awiting pamasko. She felt better now. Dalawang araw sa kanyang bakasyon ang na-spoil dahil sa sipon at lagnat. Pagkatapos niyang mag-hot shower ay agad siyang nagbihis ng simpleng floral shirt at maiksing olive green shorts. Nanalamin siya habang sinusuklay ang wavy niyang buhok. Naglagay siya ng lipstick at moisturizer.

Muli niyang inilagay sa leeg ang paboritong scarf

saka nagsuot ng beach hat at slippers. She picked up her digital camera and binocular telescope then went out of her room.

Pagbaba niya ng hagdanan ay abala ang mga empleyado sa paglalagay ng Christmas decorations. Ang reception area ay naalpombrahan na ng mga kulay berde at pulang mga palamuti. Poinsettia flowerettes were all over the place.

*Christmas is really in the air, naisip niya.*

“Ma’am, nauna na raw po sa beach sina Doktora. Hindi na raw nila kayo ginising kanina dahil galing daw ho kayo sa sakit,” paliwanag ni Aling Myrna, katiwala ng mag-asawa. “D’un po ang breakfast area kung nagugutom na po kayo.” Itinuro nito ang isang pavilion.

Tumango siya. “Sige po, salamat,” aniya at nagpaalam na.

Boses at mukha ni Lorenz ang hinahanap niya. Sinalubong siya ng maaliwalas na panahon sa labas ng hometel. Nagpalinga-linga siya sa paligid. May guests na nag-e-enjoy sa pagtatampisaw sa malinis na tubig. May nagji-jet ski, may nagba-banana boat. May ilang foreigners na nagsa-sunbathing.

In-adjust niya ang binoculars; he caught Lorenz

jogging from afar. He was in beach blue shorts and half naked.

Sinundan na niya ito gamit ang binoculars niya.

Nakaramdam siya ng inis nang tumigil ang binata sa harap ng isang babaeng naka-two-piece. Lalo siyang nagngitngit nang mapunang napapangiti si Lorenz sa mga hirit ng babae. The woman was a sexy redhead.

Lalo siyang nabuwisit nang hawakan ng babae ang pisngi ng Lorenz. Bagay na hindi pa niya nagagawa. At ang lekat, parang tuwang-tuwa sa atensyon.

*Flirt! Babaero!* sigaw niya sa isip sabay baba ng binoculars.

Pero hindi siya makatiis. Muli niyang sinipat ang binoculars upang hanapin ang lalaki. Nang itututok na niya iyon sa direksyon kung saan ito naroon kanina ay—

“Ako ba ang hinahanap mo?”

*Damn!*

It was Lorenz. Agad niyang ibinaba ang binoculars. Nakasuot na ito ng polo na hindi nakabutones kaya hantad pa rin ang upper torso nito.

“Tumabi ka nga. Humaharang ka sa pagsa-sightseeing ko ’tapos pagbibintangan mo ako ng kung anu-ano,” palusot niya.

“Ano ba ang tinitingnan mo at gumagamit ka pa ng teleskopyo?” Sumalampak ito sa buhangin.

Nanatili siyang nakatayo sa tabi nito. “Ang dagat, bundok, buhangin, ano pa? I am just appreciating the beauty of nature.”

“Beauty of nature? You will see nature at its best using that small boat.” Itinuro nito ang isang maliit na bangka sa malapit. “Would you mind boating with me? Maraming magagandang tanawin sa parteng ’yon,” anito sabay turo sa gawing silangan ng beach.

“Mukhang bundok lang ang nand’un,” pakipot niya.

Tumayo ito at humarap sa kanya. “Trust me. Hindi ka magsisisi.”

Hindi na siya nakatanggi pa nang igiya siya ni Lorenz patungo sa maliit na bangka. Itinulak nito ang bangka patungo sa tubig. Tila may gumapang na kilig sa kanyang sistema nang hawakan nito ang kanyang kamay para alalayan siyang makasakay.

“Lorenz, saan kayo pupunta?” anang isang tinig.

“At sino siya? Hindi mo ba ako ipakikilala?”

*Atrebida talaga ang bangus na ito kahit kailan!*

Ang babaeng nakita niyang kasama ni Lorenz kanina ang nagsalita. Parang gusto niya itong gawing boneless at iihaw sa nagbabagang uling dahil sa pakikisawsaw nito. Pagkatapos ay isawsaw niya ito sa dinikdik na siling labuyo!

*Pakialamerang boneless bangus!*

“Ah, si Mrs. Joanne Montgomery. Kaibigan siya ng may-ari nitong isla,” ani Lorenz. “Mrs. Montgomery, she’s Vilma, my—”

“I’m his former girlfriend,” sudlong nito, sabay abot sa kanya ng kanang kamay. “We were together for five years. At sabi ko sa kanya kanina, kung makakahanap siya ng ipapalit sa akin, siguruhin niyang angat sa ganda ko. Kailangang dumaan muna sa screening committee, at ako ’yon.” Saglit lang naglapat ang mga palad nila.

“Vi, puwede ba?” ani Lorenz.

“Why, I am just telling the truth. Hindi puwedeng ang sasalo sa ’yo ay ’yung pinagsawaan na ng iba,” parinig nito na obviously ay siya ang tinutukoy. “But nice meeting you, Joanne. Enjoy!”

Pumait ang bibig niya. Ang babaeng nakilala niya ay limang taong nakapiling ni Lorenz, nakahalikan, at... Inalis niya ang mga pumapasok sa kanyang utak.

“Sige, Vi, ipapasyal ko pa siya.” Sumakay na ang binata sa bangka at nagsagwan palayo.

“Bye!” pahabol ng mestisang bangus.

Namayani ang katahimikan habang naglalalayag sila. Seryoso itong nagsasagwan habang kunwari’y abala siya sa pagmamasid.

# 3

“Lorenz...” Hinintay niyang tumingin ito sa kanya. Blangko ang ekspresyon sa mukha nito. “Si Vilma, bakit kayo naghiwalay?”

“Mahabang kuwento at isa pa, matagal na ’yon. Ayoko nang pag-usapan pa.” Ikiniling nito ang ulo. “Nakita mo ang burol na ’yan?”

Sinundan niya ang tingin nito. “Wow,” she breathed.

Napapaligiran ng mapuputing ulap na tila bulak ang luntiang burol. Naglalagos sa pagitan ng mga ulap ang sinag ng araw na lalong nagpapatingkad sa kagandahan ng tanawin.

“Gusto mong akyatin natin minsan?”

“I would love to, Lorenz!”

“Bukas?”

“Sige. Puwede kayang mag-picnic sa tuktok niyan?”

Natawa ito. “Gusto mo, mag-camping pa tayo. But for now, I have something else for you.” Itinigil

nito ang pagsagwan at hinubad ang polo nito.

Napamaang siya. Iniabot ng lalaki sa kanya ang itim nitong pitaka. Pagkatapos ay tumalon ito sa malalim na bahagi ng dagat na kinaroroonan nila.

“Teka, saan ka pupunta? Malalim dito, baka map’ano ka!”

Ngumiti lang ito habang nakalutang sa tubig, ilang dipa ang layo sa bangka.

“Magaling akong lumangoy. Ako’ng bahala,” malakas nitong sabi.

“Sandal—”

Hindi na niya natapos pa ang sasabihin dahil sumisid na ito sa kailaliman ng dagat. Lumakas ang kabog ng kanyang dibdib sa labis na pag-aalala. Parang napakatagal ng bawat segundong lumilipas. Kahit saan siya lumingon ay dagat at bundok ang nakikita niya. Sumigaw man siya ay tila walang makakarinig sa kanya.

“Lorenz! Lorenz! Lumutang ka na please,” naiiyak na sigaw niya.

Akmang tatalon na siya sa dagat nang bigla itong umahon.

“Hep, hep, where do you think you’re going?”  
anito, hinahabol ang hininga. “Huwag mong sabihing susundan mo ako sa ilalim?”

“Hoy, Mr. Arguelles, papatayin mo ba ako sa pag-aalala? Wala akong mahihingan ng tulong. Ang tagal mo sa ilalim, bakit hindi ako magpa-panic?”

Ngingiti-ngiti itong sumakay sa bangka. “Wala ka bang tiwala sa akin?”

“Ano ba’ng meron d’un?”

May dinukot ito sa bulsa. “Ito.”

It was a milky white pearl. Namilog ang kanyang mga mata sa kumikinang na hiyas.

“Nagustuhan mo ba?” tanong nito.

“Ang ganda, Lorenz! It’s perfect,” anas niya.

“Then, take it.” Kinuha nito ang kamay niya at isinalin ang hiyas sa kanyang palad. “A beautiful pearl for a beautiful lady. *Salbatana Pearl* ang tawag diyan, dahil malapit ito sa Isla Salbatana. Bagay ’yan sa ’yo, Joanne.”

*Joanne.* Kanina nang ipakilala siya nito sa ex-girlfriend nito ay Mrs. Montgomery ulit ang tawag ng binata sa kanya. Na parang tunog sarkastiko. Ngayon

ay binibigyan siya ng mamahaling regalo. Nalilito na siya sa ipinapakita nito.

Ganunpaman, tila sumasayaw sa kundiman ng mga pahayag ni Lorenz ang kanyang puso. She wanted to hear more. She wanted to be with him not just for a day but for the rest of her life.

“Wala bang nagmamay-ari nito?”

Nagkibit-balikat ang lalaki at ngumiti. “Ako na’ng bahala d’un.”

“Sa akin na talaga ito?”

“Bakit, ayaw mo?”

“Hindi. Gustung-gusto ko. Maraming salamat. Pero bakit mo ako binibigyan nito?”

Minsan pa ay ngumiti ito. Lumitaw ulit ang mapang-akit nitong dimple at lalong na-emphasize ang maningning na mga mata.

“Sabihin na nating Christmas gift ko ’yan. Ipapagawa kong singsing o pendant para sa ’yo. Merry Christmas, Jo!” She smiled back at him. “Consider that gem a token of my friendship.” Muling namayani ang katahimikan sa pagitan nila. “May ipagtatapat ako sa ’yo...”

Nagulat siya sa pangungusap nito. Seryoso ang anyo nito kaya bigla siyang kinabahan.

“Hindi ito ang unang pagkikita natin,” anang binata. Nakaupo na ito ngayon at magkaharap sila sa bangka. “Year 2006, sa isang ospital sa Manila, doon tayo unang nagkita.”

Lalong lumakas ang kabog ng kanyang dibdib.

“Sigurado ka bang—”

“Umiiyak ka, kaya malamang hindi mo ako napansin, mabilis din ang mga hakbang mo. Natalisod ka at muntik nang mahulog sa hagdan. Iyon ang una nating pagtatagpo,” dugtong nito.

Para siyang binuhusan ng malamig na tubig. Kaya pala pamilyar ang boses nito. Si Lorenz at ang lalaking laging laman ng panaginip niya nang nagdaang mga taon ay iisa. “At tinulungan mo ako,” nasabi na lang niya. Hindi niya namalayang pumapatak na ang luha mula sa kanyang mga mata. “Ilang ulit mo na akong iniligtas, Lorenz. Hindi ko alam kung paano pa ako makakabawi sa ’yo. Hindi ko alam kung paano makakabayad ng utang na loob.”

“Wala kang dapat bayaran. Ginawa ko lang ang dapat. At ngayon hindi na ako mahihiyang sabihing simula nang makita kita noon, nagustuhan na kita

at hindi ka na nawala sa isip ko,” ani Lorenz. Itinuro nito ang sentido. “At dito...” Inilagay nito ang kamay sa dibdib.

Kung hindi niya napigilan ang sarili ay baka nagtatalon siya habang sakay ng bangka.

“Pero bakit... bigla ka nang nawala?”

“Because I knew you were married to... ah, nakita ko ang singsing sa kamay mo nang iligtas kita noon, kaya minabuti ko na lang umalis. Nagtrabaho ako sa States. Citizen doon ang tatay ko, he’s married to an American. Tinulungan niya ako. But now, I am back, for good. Ngayon, tatanungin kita, may babalikan pa ba ako?”

“Hindi ko alam. Marami nang nagbago.” Nang sagipin siya nito mula sa tiyak na pagkalunod, habang magkasama sila, ang tanging naiisip niya ay gusto niya itong makapiling habambuhay. Ngunit ngayong nagtatanong ang lalaki, bakit hindi niya ito masagot nang tuwiran?

“Pero hindi ang nararamdaman ko para sa ‘yo. After everything that I’ve been through, I still love you. Alam kong minahal na kita noon pa. At nagkaroon ako ng pagkakataong makasama ka, salamat sa ulan at sa nilipad mong scarf.”

“Lorenz...” She was about to say something about her dreams of him when he held her hands and kissed it. “Nananaginip ba ako nang gising?”

“No, Honey. This is reality. Hindi mo kailangang sumagot ngayon. Let’s just enjoy the moment. Let’s go to Isla Salbatana! Magugustuhan mo d’un.”

Napabuntong-hininga siya. Isa lang ang alam niya. Ito na ang pinakamasayang araw sa buhay niya. Wala na siyang mahihiling pa. She wanted this moment to last a lifetime.

---

Paraiso ang tingin ni Joanne sa Isla Salbatana. There were driftwoods with exotic orchids. May kulay violet, yellow, at pink. Naaakit siya sa mga bulaklak. May narinig siyang napakalakas na alulong. Napakapit siyang bigla sa bisig ni Lorenz.

“May wolf ba rito?” Nanginginig ang boses niya. “Umalis na lang kaya tayo. Baka lapain pa tayo. Ayoko pang mamatay!”

“Alulong lang ’yon ng aso sa San Bartolome, nag-echo rito,” anang binata. “Masyado kang matatakutin. Kasama mo ako. Hindi kita pababayaan, ano ka ba.”

”Ang aga pa, bakit parang dumidilim na ang

paligid?”

Tumingala ito kaya tumingala rin siya. “You see that?” anito. “Nahaharangan ng mga punong-kahoy ang sinag ng araw kaya madilim ang loob ng gubat but there’s nothing to worry about. I will protect you.” Hinawakan nito ang kamay niya.

Magkahawak-kamay sila habang binabaybay ang mabatong landas papasok ng gubat. She felt safe. Ngayon lang niya naramdaman ang ganito. For the past years, she felt so alone, so lonely... so incomplete. Ngayon, sa mga kamay ni Lorenz, nararamdaman niyang tao na siya. She could finally feel.

Makapitlag-puso ang ganda ng talon mula sa napakataas na bundok at bumabagsak sa mga natural ponds. Mala-kristal ang tubig na tumatalsik sa kanilang paanan. Iginiya siya ni Lorenz palapit sa tubig at tinulungang makaupo sa malapad at makinis na bato. Naupo ito sa tabi niya.

“Amazing!” she whispered.

“Ipinangako ko sa sarili ko noong una akong makarating dito na dadalhin ko rito ang babaeng gusto kong makasama habambuhay.”

Natigilan siyang bigla sa narinig. Gusto siyang makasama nito habambuhay?

“Lorenz...”

Tumayo ito at hinarap siya. Hinawakan nito ang kanang kamay niya at dinala iyon sa mga labi nito. She could feel electricity running down her spine.

“Hindi ako nagbibiro. Nang una pa lang kitang makilala limang taon na ang nakakaraan, minahal na kita. For five years, hindi ka nawala sa isip ko. Ikaw ang dahilan kung bakit ako nagsikap at patuloy na nagsisikap. Kilala ka, mayaman at maimpluwensya. Nag-uumpisa pa lang ako noon. Pero ngayon wala na akong pakialam. All I know is I love you, and I won't stop loving you for the rest of my life.”

“Pero, Lorenz, I barely know you.”

“Basta tandaan mo, mahal na mahal kita, Joanne.”

Dinama niya ang pisngi ng binata. Hinaplos naman nito ang mga butil ng luhang dumaloy sa kanyang mga pisngi. Itinayo siya nito at niyakap. Tinugon niya iyon nang buong higpit. She could feel his heartbeat.

“Napakasaya ko, Lorenz,” pag-amin niya habang nakayakap pa rin dito. “Kaya lang, nabibilisan akong masyado.”

“Maghihintay ako, Joanne,” anito at bahagya siyang inilayo rito. Hawak siya nito sa dalawang balikat. “Limang taon nga, nakaya ko. Ano ba naman ang lima pa?”

“OA naman ang limang taon pa,” ingos niya.

“O, di limang araw. Mas maganda,” biro nito.

Natawa na lang siya. Muli siya nitong niyayang maupo. Mayamaya ay kinuha muli nito ang pitaka na isinoli niya rito bago sila bumaba ng bangka.

“Wag mong sabihin na tatalon ka na naman sa tubig.” May warning sa tono niya.

Natawa ito. “Nope.” Mula sa wallet ay may kinuha itong papel na nakatupi nang ilang ulit. Pagkatapos ay iniabot nito iyon sa kanya.

“Para sa ’yo. I wrote that last 2007, during my first winter in the US,” anito.

Tahimik niyang binasa ang nakasulat. It was a poem about a person who wanted to learn to smile again.

“Ang lungkot ng poem mo.” Nag-init muli ang sulok ng mga mata niya.

“That was my life for the past five years,

malungkot dahil wala ka, dahil malayo ka sa piling ko. Pero ngayon, mula nang magkita tayo ulit, totoo na ang mga ngiti ko.”

Napahilig na lamang siya sa balikat nito. Inakbayan siya ng binata. She could only dream of a happy ending.

“Basta ipangako mo sa akin na maghihintay ka, ha?”

“Pangako. Sinisiguro ko sa ’yo na kapag handa ka na, naroroon pa rin ako, naghihintay sa ’yo.”

Pinutol ng pinong patak ng ulan ang pangangarap niya. Agad hinubad ni Lorenz ang polo nito at inilagay sa kanyang ulo. Tumakbo sila papasok sa kakahuyan hanggang sa isang maliit na kuweba sa loob ng gubat.

Agad silang tumuloy roon. Naupo sila sa loob niyon habang pinagmamasdan ang pagbuhos ng ulan sa labas ng kuweba.

“Sino ang may-ari nito, Lorenz? Sana puwede itong bilhin.”

“Ang alam ko, pagmamay-ari ito ng isang matandang dalaga na taga-San Bartolome. The name is Elena Mayor. Sinubukan na itong bilhin ni Christian noon. I don’t know her reasons pero ayaw talaga

itong ipagbili ni Miss Mayor. Luckily, may permiso kami ni Christian na pumunta rito. Although, hindi siya payag na magdala rito ng maraming tao.”

“Gusto ko pa ring subukan. Kailangan lang siguro ni Miss Mayor ng kakaibang marketing strategy. Tulungan mo ako. Puntahan natin siya one of these days, ha, Lorenz?”

“Sure! Lahat gagawin ko para sa 'yo,” anito.

Kinurot niya ito sa pisngi. “Bolero!”

“Hindi, ah. Nagmamahal lang.”